

1

“Tawag ako nang tawag kanina pa, ba’t hindi mo ako sinasagot?”

“Sorry, di ko narinig. Busy kasi ako, eh.” Maingat na isinilid ni Dinggay sa freezer ang huling piraso ng nakabalot sa aluminum foil na Bicol pride na pinangat o laing.

Five thousand pieces iyon na ready for delivery kinabukasan sa isang mall sa Legazpi City sa probinsya ng Albay.

Taga-Camalig siya, isa sa mga bayan ng Albay pero mayroon siyang stall sa Legazpi City na may display ng mga produkto niya: laing, longganisa, Bicol express, pili nut candy at iba’t ibang Bicol delicacy.

Sampung taon na siyang nagnenegosyo ng mga Bicol kakanin at sa loob ng mga taon na iyon ay dumami na ang kliyente niya.

Sa laki ng demand ay nagbabalak na siyang magtayo ng sariling restaurant. Pangarap niyang sumikat sa buong mundo ang mga produkto niya at sa patuloy na pagtaas ng turismo sa Albay, alam niyang

magtatagumpay siya sa kanyang mithiin.

Ang totoo ay nagiging obsession na niya ang pangarap na restaurant. At hindi lang siya sa negosyo umaasa para matupad ang pangarap niya. Walang paltos din ang pagtaya niya sa lotto.

Malay ba ni Dinggay, suwertehin siya at masungkit niya ang jackpot prize? Eh, di bongga!

“Bakit, ano’ng ginagawa mo?”

“Naglalagay ng mga binalot na laing sa freezer.”

“Nagtatrabaho ka pa rin ba? Aba’y madaling araw na.” Hindi niya masabi kung may reklamo o pagtataka sa boses ni Mario, ang kapitbahay at kausap niya sa kabilang linya ng telepono. Nakalimang missed call muna ito bago niya napansin ang tawag.

Tiningnan niya ang wall clock na nakasabit sa ibabaw ng ref sa kusina, ala una y medya. Kaya naman pala medyo mahapdi na ang mga mata niya, at masakit na rin ang balakang sa katutuwad sa loob ng freezer. Maghapon kasing inasikaso ng dalaga ang pagluluto ng gulay na laing. Pagkatapos ay kailangan niya munang palamigin isa-isa bago balutin sa aluminum foil at ilagay sa freezer.

“Alam mo pala, ba’t ka pa tumawag? Paano kung

tulog na pala ako?”

“May ilaw pa sa inyo kaya alam kong gising ka pa. Ba’t kailangan mong mag-OT?”

Dahan-dahan niyang iniunat ang pagod na katawan. “Kailangan, eh. May delivery ako bukas sa LCC. Naubos ang stock ko kahapon, pinakyaw lahat n’ung foreigner. ”Tapos nag-absent pa si Franz, wala akong katulong magbalot ngayon.” Ang assistant ang tinutukoy niya.

Biglaan ang uwi ni Franz. Isinugod sa ospital ang kapatid nito. Sa albularyo lang kasi nagpatuli at nagka-infection daw.

“Sana sinabi mo, tinulungan sana kita.”

“Okay lang, tapos na ako. ’Eto, huli na ’tong binabalot ko. Pagkatapos nito, matutulog na rin ako.”

“Ang dami mo nang pera, payaman ka pa nang payaman. Aanhin mo lahat iyan, wala ka namang dyowa at mga anak?”

Napangiwi si Dinggay. Kulang na lang ay sabihin nitong old maid na siya. Kunsabagay, sa edad na treinta ay ano pa nga ba ang tawag sa kanya?

“Eh, di tutulungan na lang kitang pag-aralin ang mga anak mo. Lahat sila panganay, di ba?”

Narinig niya ang pagtawa nito sa kabilang linya. Sa edad na treinta y cuatro ay wala pa ring asawa si Mario. Pero sa kabila niyon ay maraming babae na ang dumaan sa buhay nito—lahat nauwi sa break-up.

Hindi niya masabing playboy ito dahil hindi naman ito sabay-sabay kung makipagrelasyon. Ayon pa nga sa mga ex nitong kakilala at kaibigan niya ay faithful daw na boyfriend si Mario. Iyon nga lang, nagsasawa raw sila sa kahihintay kung kailan sila pakakasalan nito.

Ayon mismo sa binata, allergic ito sa salitang ‘kasal’. Ito kasi ang panganay sa siyam na magkakapatid. Sa ngayon, lahat ng iyon ay nagsipag-asawa na.

Anim sa kapatid ni Mario ay sa abroad na naninirahan, pawang mga hiwalay sa asawa. Incompatibility ang idinadahilan. Ayaw ni Mario na matulad sa mga kapatid ang kapalaran.

May tsismis din siyang narinig na may anak na ito. Pero sa tuwing kinakantyan niya ay panay naman ang deny. Kinakapatid ni Dinggay si Mario dahil ninong nito sa kumpil ang tatay niya. Mag-bestfriends din ang mga tatay nila at magkalapit pa ang mga ekta-ektaryang lupaing pagmamay-ari ng mga pamilya nila.

Nagmamay-ari ng hot spring resort ang pamilya ng binata at sikat iyon sa buong Albay. Malaki kasi ang tatlong pool na ipinagawa nito. May cold, hot at kiddie pool.

May lugar sa resort kung saan maaaring mamingwit ang mga bisita ng isdang pang-ulam. Mayroon ding spa na moderno ang mga kagamitan.

May handicraft export business din ang lalaki. Malawak din ang taniman nito ng pili tree. Isa ito sa mga suppliers ng pili nuts sa mga gumagawa ng pili candy sa probinsya.

“Teka, ba’t gising ka pa rin? Pinanood mo naman si German Moreno, ano?”

Lumakas ang tawa nito. Si Mario ang kilala niyang taong walang kahilig-hilig manood ng programa sa TV. Tanging balita ang pinagtitiyagaan nitong panoorin at madalang pang mangyari iyon. Hindi raw sa wala itong pakialam sa mga nangyayari sa mundo pero nakakasawa na raw manood ng pulos negatibong balita. Hindi raw nakakatulong ang ganoon sa isang bansang mahirap kagaya ng Pilipinas.

“Galing ako sa party. Birthday ng anak ni Pareng Rene at kumbidado ako. Inaanak ko kasi si Geo.”

Kilala niya ang kumpare nito at imbitado rin

siya pero hindi siya nakadalo dahil nga sa trabaho. Nagpadala na lang siya ng regalo sa anak ni Rene.

Balita sa buong bayan nila ang pagpapakasal ni Rene sa isang Indiana noong nakaraang taon. Buntis na si Neha nang ikasal ang dalawa.

Mayaman ang pamilya ng babae sa India pero piniling lumipat at manirahan sa Pilipinas dahil sa hindi magandang pagtrato ng mga lalaki sa kababaihan doon.

Nag-iisang anak lang kasi si Neha at mahal na mahal ng mga magulang. Kung ituring ito ay talo pa ang isang prinsesa.

Kaya nga laking pagkadismaya ng mga magulang ng babae nang si Rene ang makatuluyan. Tutol ang mga magulang ni Neha kay Rene, palibhasa wala namang matinong trabaho maliban sa pagba-barker sa parking lot ng *LCC*.

Doon daw nagkakilala ang dalawa dahil mismong si Rene ang nagbantay ng *Crosswind* ng mga Bombay sa tuwing magpaparada at magsho-shopping sa naturang mall.

Ngayon ay asensado na ang kaibigan ni Mario. Hindi na taga-bantay ng sasakyan ng mga magulang ni Neha. May sarili na ring *Crosswind* si Rene na

minamaneho at ito na rin ang kasa-kasama ng biyenan sa paglilibot at paniningil ng mga pautang.

“Gabi na pala ngayon ang children’s party,” sita ni Dinggay.

“Siyempre, nagkainuman.”

“Ay naku, may hangover ka na naman bukas, sigurado iyon! Siya, matulog ka na.”

“Sayang, dapat pala nakikape muna ako diyan sa inyo pagdaan ko kanina. Natulungan pa kita.”

Nasa tapat mismo ng kalsada ang bahay nila kaya tanaw na tanaw ni Mario iyon sa tuwing dadaan ito sa kanila. Natuwa naman siya sa pag-aalala nito sa kanya.

Dalawa lang kasi sila sa bahay, siya at si Franz. Matagal nang namayapa ang mga magulang niya at ang dalawa niyang kapatid ay may kanya-kanya na ring tirahan.

“Okay lang ako rito.”

“Di ba sabi mo wala si Franz? Sino’ng kasama mo riyan?”

“Ako lang, pero nakakandado naman ang mga pinto. Walang makakapasok dito.”

“Ano kaya kung diyan na lang ako matulog para may makasama ka?”

Sinsero ang pag-aalala nito dahil sa sunud-sunod na krimeng nagaganap sa karatig baryo nila. Hindi pa rin nahuhuli ang mga kriminal at nangangamba silang lahat na baka ang susunod na baryong puntahan ng msasamang-loob ay ang kanila na.

“Ano ka ba, okay lang ako rito. Saka nagdagdag na ng tanod si Kapitan. Hindi ako maaano rito.”

Narinig niyang bumuntong-hininga ang kausap saka sinabing, “Tawagan mo kaagad ako kapag may problema, okay?”

“Opo, at salamat po, Manoy.”

“Manoy ka riyan.”

Napahagikgik siya sa reklamo nito. “Siya, matulog ka na. Matutulog na rin ako.”

Nasa higaan na si Dinggay at handa nang matulog nang biglang kumiriring ang cell phone niya. Si Tita Berning, ang old maid at nag-iisang kapatid ng tatay niya na matagal nang nag-migrate sa New Zealand.

Beinte años pa lang ito nang mag-abroad at

ngayon ay seisenta na ito. Sa loob ng mahabang panahong inilagi nito sa ibang bansa ay madalang na itong umuwi ng sariling bansa. Mabibilang niya sa mga daliri ng kamay ang pagdalaw nito sa kanila.

“Home is where the heart is” ang malimit nitong isagot kapag tinatanong kung naho-homesick din ito. Mabilis itong nakapag-adjust sa malayong lugar kaya hindi na ito nalulungkot. Hindi rin ito nag-asawa. Independent si Tita Berning. Hanga siya sa lakas ng loob nito. Sa totoo lang ay idol niya ito. Hindi raw nito kailangan ang lalaki upang mabuhay.

“Kumusta, Tita? Napatawag kayo?” Hindi man nila ito madalas makasama ay close pa rin silang magkakapatid sa tiyahin nila.

Disiotso lang kasi siya nang sabay na mawala ang mga magulang nila. Parehong teacher sa parehong paaralan ang mga ito. Nahulog sa bangin ang sinasakyang bus ng mga magulang nang sumama ang mga ito sa isang educational tour sa Baguio City. Tanging ang mga magulang lang nila ang nasawi sa aksidenteng iyon.

Si Tita Berning ang humalili sa naiwang responsibilidad ng mga magulang ni Dinggay. Pinag-aral siya nito pati na rin sina Dodong at Mila, ang mga nakababatang kapatid niya.

“May good news ako!” Tita Berning exclaimed without further ado. Ni hindi nga nito itinanong kung naistorbo ba nito ang tulog niya. Halata sa boses ng matanda ang excitement.

“Wow! Mag-aasawa na ho kayo?”

Tumawa ito. “Does that fall under good news for you, Dinggay?”

“Eh, baka ho sa wakas ay nahanap n’yo na si Prince Charming.”

“Ay naku, the trouble with you is you’ve been reading a lot of fairy tale stuff, akala mo Prince Charming talaga ang mga lalaki. Get a life and find a real man, honey.”

“Idol kita, eh.” Dinaan na lang niya sa biro ang patutsada nito.

Hindi niya maintindihan ang tiyahin. Nanatili itong single dahil ayaw nito ng commitment. Pero alaga naman siya nitong kulitin na mag-asawa sa tuwing nagkakausap sila. Huwag raw siyang gumaya rito.

“Ano na nga ho iyong good news ninyo?” paalala niya rito bago tuluyang malayo sa tunay na pakay ng pagtawag nito.

Gusto rin niyang iwasang putaktihin siya nito ng tanong kung kailan siya magpapakasal. Napundi na siya sa kakukulit nito kaya noong isang taon ay pinadalhan niya ito ng larawan.

Kuha nila iyon ni Mario nang mag-ninong at ninang sila sa isang binyagan at lingid sa binata ay ipinakilala niya iyon sa tiyahin na boyfriend niya.

Hindi nito kilala si Mario kaya alam niyang safe ang *secret* niya. Iyon na nga lang, hindi na siya nito tinantanang kulitin na magpakasal na. Sabihin lang daw niya ang petsa at uuwi raw ito at magnininang sa kanya.

“Nanalo ako sa lotto! Jackpot!”

2

“Ano’ng problema? Bakit mukhang pasan mo ang bigat ng mundo?”

Sinundan lang ni Dinggay ng tingin si Mario habang papasok ito ng opisina niya. May delivery itong sampung sako ng pili sa kanya noong nakaraang linggo. Alam niyang maniningil ito ngayon kaya naihanda na niya ang tsekeng pambayad dito.

Nakangiti ito nang pumasok pero napalitan iyon ng kunot-noo nang mapansin ang hitsura niya.

“Heto na ang tseke.” Iginawad iyon ni Dinggay na walang kangiti-ngiti.

Natigilan ang binata sa kanyang gawi. Naupo ito sa puwesto sa harapan ng mesa niya at nangalumbabang sinipat siya.

Nang hindi magkasya ay inilapit nito ang mukha sa mukha niya that made her feel uneasy. Naamoy tuloy ng dalaga ang shampoo ng bisita pati na rin ang cologne na gamit. Hindi iyon masangsang sa ilong.

Kahit noon pa man ay lihim na hanga siya sa binata. Magsasaka ito pero maalaga sa katawan. Kahit

minsan ay hindi ito nag-amoy suka.

Kinindatan siya nito. Nagpapa-beautiful eyes kahit nakatulala siya.

Nilabian niya ito.

Natawa si Mario sa ginawa niya. Lumabas ang mapuputing ngipin nito pati ang sungki na pangil. Guwapo si Mario. Ito ang epitome ng tall, dark and handsome na lalaki. Malaki rin ang pangangatawan nito dahil subok sa trabaho.

Matatakot ka rito kapag hindi mo kilala. May katapangan kasi ang dating ng mga mata ng binata. Iyong tipong parang masusunog pati kaluluwa mo kapag tinitigan ka. Kaya siguro maraming babae ang nakukuha nito sa isang tingin lang.

Dagdagan pa ng boses nitong mala-kulog sa lakas ang dating. Maganda ang boses nito kapag kumakanta. Dati itong member ng choir sa simbahan. Marami din ang kumukumbinsi ditong mag-DJ dahil sa lamig ng boses nito.

Pero kung gaano kalakas ang pisikal na *arrive* nito, siya ring kabait na tao ni Mario. Ito ang taong walang effort kung makisama sa kapwa. Wala pa yata itong hinindiang humingi ng tulong.

“Uy, ang ale mainit ang ulo.”

Binalingan nito si Franz na nasa kabilang mesa at may ginagawa sa computer. Nakabalik na ang dalaga. “Ano’ng problema nitong amo mo? Mukhang nadikit ang nguso sa sahi.”

Humagigik ang assistant ni Dinggay. “Noong isang araw pa masama ang gising niyan, Kuya Mar.”

“Noong isang araw pa?” Nagtatakang binalingan siya ulit ng binata. “Aba’y ano ba ang napapanaginipan mo gabi-gabi?”

“Malamang hindi si Prince Charming kasi bad trip nga, eh. Hindi namin makausap nang matino. Palaging nakatulala at saka ang layo ng iniisip.”

Tumawa si Mario. “Duda ako, kung hindi palaka ang napapanaginipan nito, eh, nakatuwaan ito ng kapre sa farm.”

May ipinaputol kasing nabubulok na puno ng balete si Dinggay sa farm niya. Nabuwal ang puno dahil sa bagyong dumaan at pinamahayan na ng mga anay.

Tumulong sa pagputol si Mario pero tigas naman ang panakot nitong magagalit ang kapreng nakatira roon.

“Sige!” hindi na nakatiis na sabad niya. “Pagtripan ninyo akong dalawa. Kapag natanggap ko ang share ko sa lotto, hindi ko kayo babalatuhan.”

Sabay natigilan ang mga ito.

“Wow! Nanalo si Ate!” hiyaw ni Franz.

“Mamayang gabi pa naman ang bola, ah,” ayaw maniwalang saad ni Mario.

“Tange, sinabi ko bang nanalo ako?”

“Eh, anong lotto ang ipinagyayabang mo?”

“Tinawagan ako ni Tita Berning, nanalo siya sa lotto sa New Zealand. First prize.”

“Wow!” sabay na palatak ng dalawa.

“Hingi ka ng balato,” ani Mario.

“Hindi na kailangan. Ibibigay raw niya sa akin ang one-fourth ng napanalunan niya. Hindi raw niya kailangan ang pera kaya ipapamahagi niya sa aming magkakapatid ang napalanunan niya. Iyong natira ay ibibigay niya sa charity.”

“Magkano ba ang napanalunan niya, Ate?”

Sinabi niya ang halaga.

“OMG! Limpak-limpak na pera iyon. Bongga ka,

Ate, milyonarya ka na!” Halos lumuwa ang mga mata ni Franz sa narinig.

Naubo naman si Mario.

“Sinabi mo pa,” mapaklang tugon niya.

Ang milyong ibabalato sa kanya ng tiyahin niya ay katuparan na ng pangarap ni Dinggay na magkaroon ng restaurant.

“Hindi mo na kailangang magtrabaho. Ang suwerte mo naman! Ano’ng gagawin mo sa pera?” tanong ni Mario na bakas din sa mukha ang pagkamangha.

“Iyon na nga ang problema ko.” Muli siyang napasimangot.

Sabay na umangat ang mga kilay ng dalawa niyang kaharap. Halatang na-weird-uhan sa kanya.

“Nagkapera ka na, namomproblema ka pa?” ani Mario.

“Paano kasi, may kondisyon si Tita bago niya ibigay ang pera.”

“Ano naman iyon?” sabay na tanong ng mga ito.

Saglit siyang nag-isip kung dapat niyang sabihin o hindi. “Huwag na. Pagtatawanan n’yo lang ako.”

Napakunot-noo si Mario. “Seryoso ka ba? Mukhang ginu-good time mo lang kami ni Franz.”

“Seryoso ako.” Ipinagkrus niya ang mga daliri dito.

“Anong kondisyon iyon? Sabihin mo na, malay mo makatulong pa kami sa iyo.”

“Oo nga, Ate. Alam mo naman kung gaano kaloko ’tong si Kuya Mar, pero always ready to lend a helping hand sa oras ng pangangailangan natin.”

Bumuntong-hininga si Dinggay. Totoo ang sinabi ni Franz. Kung may lalaking maituturing siyang bestfriend, iyon na mismo si Mario.

“Mag-promise muna kayong hindi ninyo ako pagtatawanan.”

“Promise.” Seryosong itinaas ng mga ito ang mga kanang kamay.

“Paano kasi bibigyan lang daw niya ako ng balato kung mag-aasawa na ako.”

Hindi niya alam kung naniwala sa kanya o hindi sina Franz at Mario. Wala kasing reaction ang mga ito. Tinitigan lang siya na para siyang tanga.

“Sige, pagtawanan ninyo ako.” Humalukipkip

siya.

“Hindi nga?”

“Seryoso nga ako.” Gusto na niyang mapikon.

Alam niya, pinipilit lang ng mga ito ang hindi matawa pero pansin ng dalaga ang paggalaw ng dulo ng mga nguso.

Ang binata ang hindi na nakatiis. Ito ang unang bumunghalit ng tawa. Sumunod si Franz.

“Mga tarantado kayo!”

“Walang balak mamigay ang tiya mo. Pinapaandaran ka lang n’un. Ikaw naman ’tong ang bilis maniwala.”

“You don’t know her,” depensa niya kahit nabubuwisit siya kay Tita Berning. Iyon ang puno’t dulo ng kahihyan ni Dinggay ngayon. “Kapag sinabi niya, talagang ginagawa niya.”

“Saan ka kukuha ng mapapangasawa, Ate?” tanong ni Franz.

“Baka may ipapareha sa kanyang foreigner?” hirit ni Mario.

“May topak ka pa ba?”

“Tigilan mo ako, sasapukin na kita,” banta ni Dinggay kay Mario.

Dahil sa inis ay bigla siyang nag-walk out kanina sa opisina. Iniwan niya ang dalawang pinagtatawanan pa rin siya.

Wala sa planong lumuwas siya ng bayan. Idinaan niya sa pagsa-shopping sa mall ang init ng ulo. Pag-uwi ng bahay ng dalaga ay may bitbit siyang tatlong shopping bags.

Nadatnan niya si Mario sa bahay na naghihintay pa rin sa kanya. Samantalang si Franz ay sumama sa driver para mag-deliver ng paninda sa mga kliyente. Sinalubong siya ng lalaki at kinuha nito ang mga shopping bags. Walang-imik na hinayaan niya itong bitbitin ang mga iyon.

Upang maalis ang inis niya ay niyaya siya nitong kumain sa labas kinagabihan. May bagong bukas na restaurant at magaling daw ang bandang kumakanta roon.

Hindi na siya nagpakipot pa. Sumama siya rito. Sayang din ng libreng hapunan. Niyaya nila si Franz pero may date daw ito at ang boyfriend.

“Sorry na. Idineyt na nga kita galit ka pa rin.”

“Hindi ako galit. Gutom na ako, ang tagal ng inorder mo.” Nagpalinga-linga si Dinggay pero wala siyang matawag na waiter.

Puno ang restaurant sa dami ng kumakain. Palibhasa bago kaya marami pa ang naiintriga. In fairness, like niya ang ambience. Air-conditioned ang loob, malamlam ang mga ilaw at mamahalin ang mga kagamitan. Magaling din ang kumakanta.

Ayon mismo kay Mario ay nagtagal sa Japan bilang entertainer ang vocalist na babae.

Umuwi lang ito ng bansa at piniling maging entertainer ng restaurant dahil isa ito sa may-ari ng kainan.

She just wished na kung gaano kabongga ang interior design ng lugar at pati ang banda ay ganoon din ang pagkaing ihahain sa kanila.

“Kailan kaya ako magkakaroon ng ganito?”

“Iyong balato ni Tita Berning mo, sobra pa iyon sa pangarap mong restaurant.”

“Tingin mo, may matatanggap pa ako?”

Umiling ito sabay tsk-tsk. “Ang bilis mong

mawalan ng pag-asa. Ang tagal mo nang negosyante, dapat alam mo na kung papaano i-style-lan ang tiya mo.”

Napakunot-noo siya. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

Ngumisi ito. “Sabihin nating boyfriend mo ako.”

Napa-hay si Dinggay sabay tirik ng mga mata. “Kaya mo ako idineyt, ano?”

Ngising aso ang isinagot ng lalaki. “Huwag ka nang umangal. Nilibre na nga kita.”

“Sorry, pero hindi na uubra ang style mo.”

“Bakit? Hindi ba ako kumbinsing?”

“More than convincing.”

“Then, what’s the problem?”

“Ganito kasi iyon...” Ikinuwento niya rito ang *secret* niya.

Napapailing na lang ito matapos marinig ang pangungumpisal niya. “Ipinakilala mo akong boyfriend nang hindi nagpapalaam sa akin?”

“Sorry. Alam ko kasing walang kaso iyon sa iyo. Saka ginawa ko lang naman iyon dahil nga nakukulitan na ako sa kanya.”

“At naniwala siya?”

“Aba’y oo. Tuwang-tuwa pa nga dahil naka-jackpot daw ako ng guwapo. Halatang nagka-crush sa iyo si Tita Berning.”

Inihit ito ng ubo. “Sorry, pero hindi ako pumapatol sa senior citizens. Pinalaki po ako ng mga magulang ko na may malaking respeto sa matatanda. Baka karmahin tayo kapag pinatulan ko tita mo.”

“Sira-ulo!”

Tumawa lang ang binata. “So, tayo na? Sayang din ang balato. Balak ko pa namang magliwaliw sa Hong Kong next month.”

“Eh, di magliwaliw ka.” Mahilig magbakasyon sa ibang bansa si Mario. Pantanggal daw ng pagod at pampaalis ng stress. Mga tatlong beses sa isang taon ito kung lumabas ng bansa.

“Sa iyo nakasalalay ang pocket money ko.”

“That’s the problem.”

Napanganga ito. “May problema pa? Akala ko ba, okay na?”

“Hindi ka ba nakikinig? Kasi nga nang malaman niyang may *boyfriend* na ako, panay naman ang kulit

niya sa 'kin kung kailan ako magpapakasal.”

Biglang tumuwid ang likod ni Mario sa upuan.
“Ang sakit ng likod ko.”

“Kung umasta ka naman, parang pipikutin kita.”

Kahit hindi masyadong maliwanag ang ilaw sa restaurant ay kitang-kita niyang nag-blush ang kasama. “Pasensya na, biglang sumakit, eh.”

“Kaya nga sinabi ko ay Tita Berning na nakipag-break na ako sa 'yo dahil ayaw mo akong pakasalan. 'Ayun, napurnada tuloy ang balato ko. Hindi ko naman kasi alam na mananalo siya.”

Napamura si Mario sa narinig. Kung kanina ay namula ito, ngayon naman ay nawalan ng kulay ang mukha nito.

“Sayang! Gawan natin ng paraan.”

“Too late.”

“Hindi,” kulit nito. “Sabihin natin na nagkabalikan tayo at malapit na tayong magpakasal.”

“Engot ka talaga. Hindi tanga si Tita Berning, 'no. Ang lakas ng radar n'un. Mahahalata na kaagad niya kung nagsisinungaling ako.”

3

“O, Dong, napatawag ka?” Nasa kalagitnaan ng paghihimay ng mga dahong gagamitin sa pagluluto ng laing si Dinggay nang matanggap ang tawag ng kapatid niya.

Sa Maynila nakabase si Dodong at personal nitong pinamamahalaan ang maliit na salon sa Makati.

“Alam mo na ba ang balita?”

“Na nanalo si Tita sa lotto?” matabang na tugon niya. Kung puwede pa lang ay ayaw na niyang pag-usapan ang bagay na iyon.

Hindi siya ipokrita upang hindi manghinayang ng milyones na mapapasakanya sana. Kung bakit kasi napakaimposible ng hinihinging kapalit ng tiyahin nila. Idadagdag na lang daw nito sa charity ang share niya nang sa gayon ay marami ang makikinabang. Wala raw kasing magmamana kung ibibigay sa kanya dahil hindi naman siya mag-aasawa.

“Oo! Babalatuhan daw ako!”

“Good for you.” Happy siya para sa kapatid

pero sad ang dalaga para sa sarili. Tinimpi niya ang mapaiyak.

“Bakit?” Parang nakatunog ito. “Hindi ka ba bibigyan?”

“Bibigyan...”

“Iyon naman pala.”

“... sana.”

“Ano’ng drama mo?” Puno ng pagtataka ang boses ni Dodong, saglit na nalimutan ang excitement sa ibinalita sa kanya.

“Eh, paano kasi...” Ikinuwento niya rito ang kondisyon ng tiyahin.

“Shit!” mura nito. “Baka bawiin din iyong akin!”

“Bakit?”

“Ate naman!”

Si Dinggay naman ang napamura.

Oo nga pala. Bading si Dodong at lingid sa kaalaman ni Tita Berning ang kulay ng dugo nito. Hinintay lang ng kapatid niya na makapagtapos ng college at saka nagladlad ng kapa. Dahil nag-iisang lalaki sa pamilya nila, inaasahan ito ng tiyahin para

maikalat ang apelyidong Borlagdan.

Dahil sa takot na baka magalit ang tiyahin ay hindi ito makalabas nang todo mula sa closet. Umaasta itong lalaking-lalaki sa tuwing kausap si Tita Berning.

Ang excuse ni Dodong, hindi naman umuuwi ng Pilipinas ang matanda kaya hindi na ito mabubuking. Pero may paglalagyan ang takot nito. Si Dodong ang paborito ni Tita Berning. Spoiled ito sa tiyahin nila kahit noon pa man. Sunod lahat ng layaw, 'ika nga.

“Eh, di hanap ka ng girl at pakasalan mo. Madaming pekeng marriage certificates sa Recto. Pagawa ka na lang. ”Tapos mag-honeymoon kayo sa Europe para kunwari totoo. Siguradong sasagutin ni Tita ang trip n’yo.”

“Iyon sana ang balak ko. Iyong girl kasi hindi na problema. Matagal ko nang kasapakat si Marie, eh,” tukoy nito sa kasamang masahista sa salon. “At ipinakilala ko na siya kay Tita.”

“Buti ka pa.” Gusto niyang ngumalngal sa inggit.

“Ang kaso, uuwi si Tita.”

“Ha?!” Nagulat siya roon. Walang nabanggit ang matanda nang mag-usap sila.

“Para samahan daw niya akong mamanhikan.”
Ngarag na ang boses ng bakla.

Siguro kung hindi lang siya apektado sa problema nito, malamang nautot siya sa tawa.

She could imagine how his world would crumble kapag nakatuluyan nito si Marie. Lesbian kasi iyon at may kinakasamang babae. Si Dodong naman ay may fafah rin. Kasosyo nito sa parlor, si Menard na nagmo-moonlight bilang DI ng senior citizens.

Hindi sila close ni Menard dahil hindi pa sapat ang pagiging liberal ng utak at puso niya para tanggapin ang sitwasyon ng dalawa. Nang una niyang malaman ang pagli-live in ng mga ito ay nagalit siya. Nag-away pa nga silang magkapatid dahil kay Menard. Sobrang isang taon din niyang hindi kinibo si Dodong at nagmatigas din ito.

Akala ni Dinggay ay habambuhay na silang hindi magkikibuan. Pero namagitan ang tadhana para muli silang magkaayos.

Mula noon ay pinili na lang niya ang manahimik at si Dodong naman ay natuto ring huwag ipagduldulan sa kanya ang relasyon nito.

Napailing si Dinggay. Tiyak isusumpa si Dodong ng makikitid ang utak na mga kamag-anak nila. Kahit

si Tita Berning na liberal na ang takbo ng pag-iisip ay siguradong magagalit kapag natuklasan nito ang sikreto ng kapatid.

May edad na rin si Dodong, beinte cinco na ito at may sapat nang kaalaman upang pakialaman pa niya ang mga desisyon nito. Kaya hinahayaan na lamang niya ang kapatid.

Pinagpayuhan na lang ito ng dalaga na magkaroon ng sapat na lakas ng loob upang maipagtapat sa tiyahin ang sikreto nang sa gayon ay makakapamuhay na ito nang normal.

Pero hindi pa rin magawa ng kapatid ang bagay na iyon. Bukod kasi sa takot ito sa tiyahin nila ay ayaw rin nitong maputol ang sustentong ipinapadala ni Tita Berning. Ganoon ito ka-spoiled sa matanda.

“Kunin mo na lang akong maid of honor. O matron of honor kung si Mila ang gusto mo—kasi nga may mga anak na siya.” Tatlo ang anak ng bunso nilang kapatid, dalawang lalaki at isang babae.

Davaoño ang napangasawa nito at sa Davao na naninirahan. Teacher sa elementarya si Mila.

“Puwede mong kuning ring bearer, Bible bearer at flower girl ang mga pamangkin mo.”

“Namomroblema na nga ang tao ganyan ka pa!”

Hindi na siya nakatiis. Pinagtawanan na niya ito. “Ano’ng balak mong gawin? Magtatapat ka sa kanya?”

“Hindi, ah!”

“Aba, bongga! Pakakasalan mo nga talaga si Marie!”

“Ate, I need Tita’s money! Nakasangla sa bangko ang bahay ko at hindi ako nakakabayad. Malapit nang maremata iyon!”

“Iyan ang napapala mo, pulos ka panlalalaki!”

“Ano’ng gagawin ko?!” Dinedma nito ang panlalait ni Dinggay.

Malanding bakla si Dodong. Iyon nga lang kapag kaharap mo ito ay hindi mo mahahalata ang kaberdehan ng dugo. Magaling itong magtago ng kalandian.

“Eh, di pakasalan mo nga si Marie.”

“Sinabi ko na iyan sa kanya, pero ayaw pumayag ng bruha.”

“Bakit daw? Baka naman kulang ang pampadulas mo. Dagdagan mo.”

“Hindi iyon. Kahit pa raw hatian ko siya ng share ko ay hindi siya papayag magpakasal sa akin. May dignidad pa rin daw siyang natitira.”

“Wow, talaga naman!”

“Ano’ng gagawin ko?!”

“How’s my beautiful bride?”

“Beautiful bride your face.” Namula si Dinggay sa bati sa kanya ni Mario. Alaga na siya nitong buskahan sa tuwing nagkikita sila.

Dapat ay masanay na siya pero hindi. Lumalaon kasi ay parang mas lalo siyang naaapektuhan.

Wala naman siyang mapansing bahid ng malisya sa mga biro ng kaibigan pero sa tuwing napapagtripan siya nito ay talagang nangangalisag ang mga bahibo niya.

“Hindi kaya premature iyang paglilihi mo?”

“Oy, Mario, maghunos-dili ka at baka maniwala na sa iyo niyan si Franz.”

“Okay lang ako, Ate. I don’t mind. Ikaw ang inaalala ko.” Abot-tainga ang ngisi nito na sinabayan ng halakhak ng binata.

“Ewan ko sa inyong dalawa. Wala na kayong nakita kundi ako.” Binalingan niya si Mario. “Ano’ng problema mo? Ba’t ka naririto?”

“Hinay-hinay, Sweetheart, mamaya niyan pumangit sina Kambal.” Binigyan niya ito ng killer look. Inihit ng tawa si Franz. “Palagi ka na lang kasing galit. Tinext ako ni Franz. Nagluto ka raw ng spaghetti. Makiki-merienda sana ako.”

“Ayun! Kaya ka nakaalala dahil alas cuatro na nga pala. Oras ng merienda.”

“Everyday kitang naaalala, every second of the day. Masyado ka namang matampuhin.”

“Tigilan mo na nga ako.” Nabubuwisit na ipinaghain ito ni Dinggay. “O, ayon, kumain ka at baka mamaya mangayayat ka.”

“Ang suwerte ko talaga.”

“At ang malas ko naman!”

Tumawa ito. “Ikaw lang maysabi niyan.”

Pinamaywangan niya ito. “Tigilan mo na ’tong kalokohan dahil hindi ito uubra kay Tita Berning.”

Sumubo si Mario at nang matapos nguyain ay kinausap siya. “There are so many reasons why we

should never give up. One, think about the money. Two, think about the money, three, think about the money...”

“Hindi ako mukhang pera.”

“Oo nga, mukha ka lang nalugi ng limpak-limpak na pera.”

Bumagsak ang mga balikat ni Dinggay sa sinabi nito. “At least, nagpakatotoo ako. Hindi kagaya ni Dodong.”

“Hindi mo kailangang maging kagaya ni Dodong at alam mo iyon. As long as you are alive, anything is possible. Ang problema sa iyo, ang bilis mong mawalan ng pag-asa. Huwag ganyan.” May pailing-iling pa itong nalalaman bago muling sumubo.

“Dahil any moment ay puwedeng ipamigay na ni Tita sa charity ang pera!” Ngumalngal na talaga ang dalaga sa matinding panghihinayang. “Ang babaw niya!”

“Hangga’t hindi pa ipinamimigay ay may pag-asa ka pa. Ang mabuti pa ay sabayan mo ako. Kumain tayo nitong spaghetti. Ang sarap!”

“Pakasalan mo na kaya ako? Magpapa-annul na lang tayo at ako ang bahala sa gastos?” Tinabihan

niya sa puwesto ang lalaki.

Napaigtad ito. “Seryoso ka?”

“Bakit nga pala hindi natin naisip iyon?” kumikislap ang mga matang usal niya. Nagsimula nang mabuhay lahat ng ugat sa kanyang katawan. She’s a genius!

“Akala ko ba malakas ang radar ni Tita Berning. Mahahalata tayo. *Anyare?*”

“Nalalabuan kasi ako sa kasal na alok mo. Parang hindi ka naman seryoso. Kaduda-duda talaga. Samantalang itong naisip ko, wala kang aalalahanin na itatali kita habambuhay. At wala nang choice si Tita kundi balatuhan ako.”

“Okay ka lang?” Nalipat yata lahat ng dugo nito sa kinakaing spaghetti. Namumutla talaga si Mario.

“Bakit, ayaw mo?”

Hindi ito makasagot. Hinugot nito ang panyo sa bulsa ng suot na pantalon at pinunasan ang nagpawis na noo. Halatang hindi ito komportable sa pinag-uusapan nila.

“Think of the money... think of the money... think of the money...”

“Ate, uuwi si Tita!”

“Dong, nasabi mo na iyan last week. Huwag mo nang ipaalala.” Last week pa sila huling nag-usap na magkapatid.

“Darating siya ngayon!”

“A-ano?!” Muntik nang mabitiwan ni Dinggay ang hawak na cell phone.

“I told you, pursigido siyang mamanhikan kay Marie!”

“Shit!” Nakadama siya ng awa sa kapatid. “Sinabi ko na kasi sa iyong magtapat ka na kay Tita. Ang tigas kasi ng ulo mo. Mas lalong magagalit sa iyo si Tita kapag nabuking ka niya. Gumastos pa ’yung matanda para lang ma-disappoint sa iyo.”

“Hindi ko naman alam na seseryosohin niya ang sinabi niyang uuwi siya.”

“OMG.”

“Andito ako nga sa airport para sunduin siya. Any moment ay darating na ang flight niya.”